
# Modyul 19
# Pagsusuri sa mga Akda Batay sa Teoryang Imahismo at Humanismo



## I. Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na? Marami ka na bang natutuhang aralin sa modyul na sadyang inihanda para sa iyo? Alam kong pinagsisikapan mong mabuti upang masagot ang mga gawain. Kung naibigan mo ang mga nakaraang akda tiyak na lalo mong magugustuhan ang mga tulang babasahin mo ngayon.

Mayroon ka pa bang ina? Gaano mo sya kamahal? Paano mo ipinakikita o ipinadadama ang pagmamahal mo sa iyong ina? Tunay na ang ating ina ay dapat na pahalagahan at mahalin dahil sila ay may malaking bahagi sa ating buhay. Sabi nga, ang magkaroon ka ng isang ulirang ina ay isa ng kayamanan. Ito ang paksang iyong babasahin, “Ang Pamana” na sinulat ni Jose Corazon de Jesus.

Isa pang tulang kasama sa modyul na ito ay “Ilaw sa Parol” na sinulat naman ni Cirio H. Panganiban. Naniniwala ka bang ang anak na pinalaki sa layaw ay walang magandang kinabukasan? Sang-ayon din ako sa iyo. Ito ang nangyari sa anak na nasa tula. Ngunit kahit na anong pagkakamali ang gawin ng isang anak ay hindi ito matitiis ng ina. Nariyan pa rin sya na laging nagmamahal sa anak. Tiyak na maiibigan mo ang tulang ito. Ano kayang uri ng anak ang nasa tula. Iyan ang iyong alamin.

Ang iyong kaalaman sa pagsusuring panglinggwistika, pangnilalaman at pampanitikan ay lalo pang mahahasa sa araling ito. Maiuugnay mo rin ang mga dati mong kaalamang natutunan. Kasama na rin dito ang karanasang pansarili at pang-iba na maari mong paghanguan ng iyong mga kasagutan.

Tutulungan ka ng aking mga inihandang gawain. Alam kong makakaya mong sagutin ang mga ito. Kaibigan, kaya mo ito. Handa ka na ba? Simulan mo na.



## II. Ano ang matututunan mo?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa sa iba’t ibang genre ng panitikan.

## III. Paano mo gagamitin ang modyul na ito

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito. Higit na magiging maayos at kapaki-pakinabang ang iyong pag-aaral kung susundin mo ang mga panuto o tuntunin sa paggamit nito. Ito'y sadyang inihanda para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo ng maayos ang panimulang pagsusulit sa bahaging 'Ano ba ang alam mo?". Susukatin nito ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.

2. Iwasto mo ang mga sagot. Hingin mo ito sa iyong guro. Kung marami kang mali , huwag kang mag-alala.

3. Basahin at pag-aralan mong mabuti ang mga akda. Isagawa mo ang mag kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano ito gagawin.

4. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit sa bawat aralin at ganoon din ang pagsubok sa kabuuan sa "Gaano ka na kahusay". Kunin mo muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Maging matapat ka sa pagwawasto.

5. Tulad ng nasabi ko, kaibigan mo ang modyul na ito. Huwag mong sulatan at ingatang huwag masira. Gumamit ka ng hiwalay na notbuk o sagutang papel.

## IV. Ano ba ang alam mo?

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat mo ang titik ng kasingkahulugan ng mga pariralang may salungguhit

1. Ang kamay na laging nagsisindi ng ilaw sa parol ay <u>kulubot at luoy</u>.

   a. payat na payat — c.maysakit
   b.matanda na — d.tuyo at lanta

2. <u>Sugatan ang dibdib</u> na laging naghihintay ang ina sa lumisang anak.

   a. malabo — c.naghihinakit
   b.lumuluha — d.maligaya

3. Ang dibdib ng anak ay lalong kumaba nang makitang ang parol ay <u>malamlam at ulila.</u>

   a. malabo — c. naghihimagsik
   b. nag-iisa — d. maligaya

4. “Nang magbinata busog sa pangarap nilisan ang ina’t ang mundoy nilipad”

   a. ang anak ay lumisan
   b. nangibang-bansa
   c. nagpakasarap sa buhay
   d. nanatili sa pamilya

5. “Sa nasang makamtan ang sangmundong tuwa’y halos hindi ituntong ang paa sa lupa.”

   a. ang anak ay mayabang
   b. mapagkumbaba ang anak
   c. nais niyang makisalamuha sa iba
   d. may pakikisama sa iba

6. “Pagkat di ka maaring pantayan ng daigdigan Pagkat ikaw o ina ko , ika’y wala pang kapantay”. Ang may salungguhit nagpapakita ng

   a. pagsisisi
   b. pagmamahal ng anak sa ina
   c. pagkaawa
   d. kabaitan

B. Isulat ang titik ng tamang sagot.

7. Ang sukat ng tulang Ilaw sa Parol ay

   a. labing animan
   b. lalabing waluhin
   c. lalabindalawahin
   d. lalabing apatin

8. Naging masining ang tula sa tulong ng paggamit ng
   a. tayutay                c. sukat
   b. tugma                  d. malayang taludturan

9. Nag-iisa na lamang ang iyong ina sa pagtataguyod ng iyong pag-aaral. Bilang anak paano mo maipapakita na pinahahalagahan mo sya?
   a. titigil sa pag-aaral
   b. hihingi ng tulong sa kamag-anak
   c. maghahanap ng trabaho
   d. pagbubutihin ang pag-aaral

10. Sa tulang “Ilaw sa Parol” , angkop ang kasabihang,
   a. ang ina ang gabay natin
   b. nasa huli ang pagsisisi
   c. anak na di paluin, ina ang paluluhain
   d. walang inang magtuturo nang masama sa anak

## *ARALIN 1: Ang Pamana*

### A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan
.

1. Natutukoy ang pangunahing kaisipan ng tula

2. Natutukoy ang istraktura ng sukat at tugma ng tula

3. Nasusuri ang tula batay sa teoryang imahismo

4. Naiisa-isa ang mga bahaging nagpapakita ng pagmamahal ng anak sa ina.

5. Nakabubuo ng isang maikling talata sa pagmamahal sa ina..

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

1. Alamin mo…

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang mga katangian ng isang ina na hinihingi sa bawat kolum.

| Positibo | Kawili-wili | Negatibo |
|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. |
| 3. | 3. | 3. |

| | |
|---|---|
| Mapag-aruga | mapagmalasakit |
| Mapagmahal | matiisin |
| Pabaya | mapagkalinga |
| Namamalo | dakila |

2. Basahin mo…

   Mahilig ka bang magbasa? Isa itong libangan di ba? Bukod sa nakakatulong ito upang lumawak ang iyong kaalaman, marami ka pang natututuhan sa buhay.

   Ngayon, babasa ka ng isang tulang sa palagay ko ay maiibigan mo. Unawain mo itong mabuti. Maligayang pagbabasa.

### "Ang Pamana"
(Tulang Pandamdamin ni Jose Corazon de Jesus)

Isa araw ang ina ko'y nakita kong namamanglaw
Naglilinis ng marumi't mga lumang kasangkapan.
Sa pilak ng kanyang buhok na hibla ng katandaan
Nabakas ko ang maraming taon niyang kahirapan;
Nakita ko ang ina ko'y tila bagay nalulumbay
At ang sabi "itong piyano sa iyo ko ibibigay,
Ang kubyertos nating pilak ay kay Itang maiiwan,
Mga silya't aparador kay Tikong nababagay
Sa ganyan ko hinahati itong ating munting yaman"

Pinilit kong pasayahin ang lungkot ng aking mukha
Tinangka kong magpatawa upang siya ay matuwa,
Subalit sa aking mata'y may namuong mga luha
Naisip ko ang ina ko, ang ina ko na kawawa;
Tila kami iiwan na't may yari nang huling nasa

At sa halip na magalak sa pamanang mapapala,
Sa puso ko ay dumadalaw ang malungkot na gunita
Napaiyak akong tila isang kaawaawang bata
Niyakap ko ang ina ko at sa kanya ay winika.

"Ang ibig ko sana, Ina'y ikaw aking pasayahin
at huwag nang makita pang ika'y nalulungkot mandin,
O, Ina ko, ano po ba at naisipang hatiin
Ang lahat ng munting yamang maiiwan sa amin?
"Wala naman", yaong sagot "baka ako ay tawagin ni Bathala
mabuti nang malaman mo ang habilin!

Iyang piyano, itong silya't aparador ay alaming
Pamana ko na sa iyo, bunsong ginigiliw.

"Ngunit Inang" ang sagot ko, "ang lahat ng kasangkapan
Ang lahat ng yaman dito ay hindi ko kailangan
Ang ibig ko'y ikaw ina, ang ibig ko'y ikaw inang
Hinihiling ko sa Diyos na ang pamana ko'y ikaw
Aanhin ko iyong piyano kapag ikaw ay namatay
At hindi ko matutugtog sa tabi ng iyong hukay?
Ililimos ko sa iba ang lahat ng ating yaman
Pagka't di ka maaring pantayan ng daigdigan
Pagkat, ikaw O Ina ko, ika'y wala pang kapantay".

Nasiyahan ka ba sa tulang binasa mo? Naramdaman mo rin ba ang emosyong naghari sa anak sa tula?

Kung binasa at inunawa mong mabuti ang tula, masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Huwag kang mag-alala madali lamang ang mga ito.

Makatutulong kung uunawain mong mabuti ang mga panuto.

Ang unang gawain ay tungkol sa mga kaisipan ng tula.

**A. Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng mga pangungusap, pagkatapos ayusin ang mga letra upang matukoy ang kahulugan ng mga salitang sinalungguhitan.

| | |
|---|---|
| A K N I A T | 1. <u>Nabakas</u> ko ang maraming taon niyang kahirapan. |
| A L T U U N G L K L | 2. Nakita ko ang ina ko'y tila baga <u>nalulumbay</u>. |
| A L L A A | 3. Sa puso ko ay dumalaw ang malungkot na <u>gunita.</u> |
| L M I H A N A M | 4. Pamana ko sa iyo, bunsong <u>ginigiliw.</u> |
| N A K T I P A N S A N | 5. Pagkat di ka maaaring pantayan ng <u>daigdigan.</u> |

Ano ba ang pagkakaunawa mo tungkol sa tula? Ito ay isang akdang pampanitikan na likha ng makata na hinahanap sa kalikasan at sa buhay ng tao. Ito ay naglalayong pumukaw sa damdamin ng bumabasa upang makilala ang kahulugan ng buhay. Ginagamitan ito ng apat na salik. Ang kariktan o paggamit ng pili at angkop na salita; kaisipan o diwa't talinghagang likha ng matalinong kaisipan at guniguni ng makata; di ba magandang pakinggan ang tula kapag magkakasintunog ang mga huling salita sa bawat taludtod? Gumaganda rin ang isang tula kung ito ay may mga tayutay , ito ay mga pahayag na may nakatagong kahulugan.

O, hayan, marami ka nang natutunan tungkol sa tula. Tiyak na mawiwili kang magbasa nito dahil hahanapin mo na iyong mga bahaging ipinaliliwanag ko.

Handa ka na bang gawin ang susunod na gawain? Pagbutihin mo!

**B. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang mga kasagutang tumutugon sa bawat pahayag o taludtod ng tula.

1. Sukat:

2. Kaisipan:

3. Mensahe:

4. Talinghaga:

5. Tugma:

a. Sa puso ko ay dumalaw ang malungkot na gunita
b. Tugmaang di-ganap
c. Malayang taludturan o walang sukat
d. Ang ina ay tanglaw natin sa ating buhay
e. Dapat nating mahalin ang ating ina dahil sila ay nagsasakripisyo at nagmamahal sa ating tunay

Kanina"y natutuhan mo ang ilang mga impormasyon tungkol sa tula. Alam kong nakatulong ito sa iyo upang masagot ang mga gawain sa mga Pagsusuring Pangnilalaman.

Ngayon, madaragdagan pa ang iyong kaalaman. Higit mong mapahahalagahan at mauunawaang mabuti ang isang akda kung alam mo ang isang prinsipyo, mga paniniwala, mga ideyang makatutulong sa pagpapaliwanag ng isang akdang pampanitikan.

Ang teoryang pampanitikang binigyang-diin sa tulang “Ang Pamana” ay teoryang imahismo. Narinig mo na ba ito? Imahismo-imahe, isang salitang ingles na mahahango mo rito. Samakatwid, tumutulong ito sa isip.

| |
|---|
| Madali lamang makilala ang teoryang imahismo. Ang tuon nito ay sa Imahen. Naniniwalang ang imahen ay nagsasabi ng kahulugan. Malinaw ang mga epekto ng mga ito. |

Handa ka na bang sagutin ang susunod na gawain? Isaalang-alang ang iyong natutuhan. Masasagot mo 'yan. Subukin mo.

**C. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Isulat ang I kung ang pahayag ay naglalarawan ng imahen at IH kung hindi.

1. Sa pilak ng kanyang buhok na hibla ng katandaan
   Nabakas ko ang maraming taon niyang kahirapan

2. Pinilit kong pasayahin ang lungkot ng aking mukha
   Tinangka kong magpatawa upang siya ay matuwa

3. Subalit sa aking mata’y may namuong mga luha
   Naisip ko ang ina ko, ang ina ko na kawawa

4. Iyang piyano, itong silya’t aparador ay alaming
   Pamana ko na sa iyo, bunsong ginigiliw

5. Ang lahat ng yaman dito ay hindi ko kailangan
   Ang ibig ko’y ikaw ina, ang ibig ko’y ikaw inang

Madali mo bang nakilala ang teoryang imahismo? Tingnan ko nga kung tamang lahat ang iyong mga sagot. Itsek mo muli.

## 4. PALALIMIN MO. . . .

Anu-ano sa palagay mo ang nabago sa iyo matapos mabasa ang aralin?

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) kung ito ay tumutgon sa mga pagbabagong naganap sa iyo.

1. Nagkaroon ako ng malaking pagpapahalaga sa aking ina.

2. Nagkaroon ako ng interes na magbasa ng mga akda.

3. Napag-isip-isip kong dapat kong mahalin nang lubos ang aking ina habang siya'y nabubuhay pa.

4. Napag-isipan kong pahalagahan ang pagsasakripisyo ng aking ina.

5. Pagbubutihin ko ang aking pag-aaral upang mabigyan ko ng kasiyahan ang aking ina.

Tiyak na marami ngang nagbago sa iyo! Tama bang lahat ang iyong mga sagot? Iwasto mo.

## 5. Gamitin mo…

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang mga kaisipang angkop sa salitang nasa kaliwa. Isulat ito sa mga kahong nasa kanan.

| PAMANA |
|---|

1. Ang ina ay daapat na mahalin at pahalagahan.

2. Ang ina ang siyang tunay na mapag-aruga at mapagmahal.

3. Ang pagmamahal sa mga anak ay responsibilidad ng magulang.

4. Ang pagmamahal ng isang ina ay hindi mapapantayan.

5. Tungkulin ng ina na alagaan ang mga anak.

Kung naunawaan mo ang aralin, tiyak na tama ang lahat ng iyong sagot. Hingin mo muli sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Nahirapan ka ba sa mga nauna mong gawain? Alam kong ginagawa mong lahat ang iyong makakaya para sagutan ang mga ito.

Ngayon naman ay susulat ka. Madali lamang ito. Tiyak na magugustuhan mo ang paksa.

Handa ka na?

## 6. Sulatin mo…

Panuto: Ayusin mo ang pagkakasunud-sunod ng bilang ng mga pangungusap. Pagkatapos, gawin mo itong talata.

ANG AKING INA

1. Napakahusay niyang mag-alaga sa amin.
2. Kaya naman mahal na mahal namin siya.
3. Hinding-hindi ko ipagpapalit ang aming ina sa iba.
4. Tunay na mapagmahal siya dahil kami'y lumaking may disiplina sa sarili.
5. Wala siyang ibang iniisip kundi ang aming kapakanan.

May pagkakatulad ba ang ina na nasa tula sa inang sinulat mo? Tingnan mo kung tama ang lahat ng isinulat mo? Tingnan mo kung tamang lahat ng sagot mo. Itsek mong muli ang iyong mga kasagutan.

## 7. Lagumin mo…

Panuto: Lagyan mo ng tsek ( / ) sa tabi ng bawat bilang ang tumutugon sa mga natutuhan mo sa aralin.

1. Kahulugan ng tula
2. Kaalaman sa awtor
3. Kaalaman sa teoryang imahismo

4. Pagmamahal sa ina
5. Kaalaman sa istilo ng may-akda
6. Pagkuha ng pangunahing kaisipan
7. Mga uri ng tula
8. Pagiging mapagmahal sa anak
9. Pagkilala sa mga simbolo
10. Kaalaman sa tulang "Ang Pamana"

Nadalian ka ba sa natapos mong gawain? Alam kong nakaya mong sagutin ang mga ito. Hiramin mong muli sa iyong guro ang kasagutan.

Ang susunod na gawain ay susukat muli sa iyong mga natutuhan sa araling tinalakay. Unawain mo itong mabuti. Kaya mo ito.

Simulan mo na.

## 8. Subukun mo…

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Sa pilak ng kanyang buhok na hibla ng katandaan
   Nabakas ko ang maraming taon niyang kahirapan.

   a. mahina at may sakit ang ina
   b. malapit na itong mamatay
   c. matanda na ang ina
   d. bata pa ang ina

2. Sa ganyan ko hinahati itong ating munting yaman

   a. naghahabilin ang nagsasalita
   b. hinahati-hati ang kayamanan
   c. nag-iiwan ng pamana
   d. lahat ng nabanggit

3. Ang lahat ng yaman dito ay hindi ko kailangan
   Ang ibig ko'y ikaw ina, ang ibig ko'y ikaw inang

   a. mapagmahal na anak
   b. ayaw magpaiwan ng anak
   c. ayaw tanggapin ang mana
   d. kulang pa ang mana

4. Ang tula ay may sukat na

   a.14 na pantig
   b. 16 na pantig
   c.12 na pantig
   d.walang sukat

5. Ang tula ay may tugmang

   a. ganap
   b. di-ganap
   c. malayang taludturan
   d. asonansya

6. " O Ina ko, ano po ba ang naisipang hatiin
   Ang lahat ng munting yamang maiiwan sa amin."
   a. ang anak ay lungkot na lungkot
   b. hinagpis na hinagpis
   c. ang anak ay nalilito
   d. ang anak ay naiiyak

7. "Ililimos ko sa iba ang lahat ng ating yaman"

   a. mabait ang anak
   b. mapagkawanggawa
   c. mapaglingkod
   d. matulungin

8. Napaiyak ang anak at niyakap ang ina

   a. mahal na mahal ng anak ang ina
   b. mahal na mahal ng ina ang anak
   c. takot na takot ang anak
   d. takot na takot ang ina

9. Dapat nating pakamahalin ang ating ina. Ito ay isang

    a. maakatwirang opinyon
    b. makatotohanan
    c. di-makatwirang opinyon
    d. kongklusyon

10. Kahit na anong pagkakamali ang gawin ng isang anak at gaano man ito kasama ay naririyan pa rin ang ina na nagmamahal sa anak.

    a. ang ina ay ina
    b. dakila ang pag-ibig ng ina
    c. mahal ng ina ang anak
    d. mapagpatawad ang mga ina

Ano ang nakuha mong iskor? Kung 7 pataas ang iyong tamang sagot, pumunta ka sa susunod na aralin. Kung 6 pababa, may ipagagawa ako sa iyong gawain. Kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay naman ito ng ating aralin. Maaari mo na itong simulan.

## 9. Paunlarin mo…

Panuto: Bumuo ng islogan tungkol sa aralin. Hanguin at ayusin mo ang mga ginulong salita na nasa loob ng kahon.

| mahalin, nagsilang sa atin, ina, igalang, dakilain |
| --- |

# *ARALIN 2: ILAW SA PAROL*

## A. Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Naikakabit ang ang mga salita sa mga titik na bumubuo sa salitang pinahahalagahan.

2. a. Natutukoy ang mga kaisipan sa tula
   b. Nailalapat ang pansariling interpretasyon sa akda batay sa pagkamatotohanan

3. Natutukoy ang taludtod ng tula na nagpapakita ng teoryang humanismo

4. Nakabubuo ng mga konsepto o kaisipang kaugnay ng akdang binasa

## Mga Gawain sa Pagkatuto

1. Alamin mo…

Piliin sa ibaba ang mga salitang tumutukoy sa sumusunod na mga larawan. Isulat mo ito sa ilalim ng mga larawan.







| | | |
|---|---|---|
| Liwanag | Patnubay | Pagpapakasakit |
| Pag-ibig | Pagamamahal | Paghihirap |
| Araw | Sakripisyo | Pagkalinga |
| Pag-aruga | Gabay | Suliranin |

Nahirapan ka ba? Kaya mo di ba? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong mga sagot.

1. Basahin mo…

Panibagong tula na naman ang iyong babasahin. Katulad ito ng binasa mo sa aralin I. Sa tulang ito, malalaman mo ang pagmamahal na ipinamalas ng ina sa anak sa kabila ng ginawa nito. At kung ano yun, iyan ang aalamin mo sa tulang babasahin mo.

Kung paano mo naibigan at naantig ang iyong damdamin sa unang tulang binasa mo, tiyak na mas maiibigan mo at lalong maaantig ang iyong damdamin dito.

**ANG ILAW SA PAROL**
Cirio H. Panganiban

Ilaw!… gabi-gabi, ang ilaw na yaon
ay sinisindihan sa loob ng parol.
Isang munting kamay, kulubot at luoy,
ang di na nagsawang sa habang panaho'y
laging nag-iilaw sa ulilang balkon…

May pitong taon na ang nakalipas
mula nang umalis ang bugtong na anak.
Lumaki sa layaw, nagmana ng pilak,
at nang magbinatang busog sa pangarap,
nilisan ang Ina't ang mundo'y nilipad!

Kaya, buhat noon, ang Inang may hapis
sa buntonghininga'y sugatan ang dibdib.
Inang palibhasa'y Ina ng Pag-ibig
nasa kanyang puso ang bunsong nawaglit;
hinihintay-hintay na muling magbalik.

Ang kanyang pag-asa'y darating sa bahay
at nang magbinatang busog sa pangarap,
Kaya gabi-gabi, ang Ina'y may tanglaw,
Ilaw ng pag-big sa dating tahanan,
Patnubay ng anak sa kanyang pagdatal!

**II**

Ibong nakukulong, kapag nakalaya,
di ibig dumapo sa sangang mababa!
Ito ang nangyari sa ating binata,
sa nasang makamtan ang sangmundong-tuwa'y
halos di ituntong ang paa sa lupa!

Mabilis ang kampay ng kanyang pakpak
na nakikihabol sa lipad ng limbas.
Ibig na ang langit ay kanyang malipad
kahit pagkatapos sa siwang ng ulap,
magsabulalakaw na muling malaglag;

Parang nabilanggo sa pulo ng Lagim,
tumakas nang upang humanap ng Aliw
Puso palibhasa'y uhaw sa Paggiliw,
sa alak ng Buhay ay nagpakalasing,
nangarap sa kislap ng mga Bituin!

Sa lalong malawak na dagat ng buhay
ay pinapamangka ang murang isipan.
Sinundan ang agos ng kaligayahan,
at nang mapasadsad sa dalampasiga'y
humabol sa bula ng alon sa pampang!

Dati, sa bakurang alaga ni Ina,
Lumuwal sa pinto ng pagkakasala.
Humanap ng layaw sa mundong ligaya,
At nang mahumaling sa bango at ganda'y
Sumunod sa kaway ng maling pag-asa!

Sa hardin ng kanyang mga panaginip,
puso ay nagtanim ng unang pag-ibig.
Ito'y namulaklak sa init ng halik,
magandang bulaklak na wala raw tinik,
bakit sumugat sa may sintang dibdib?

**III**

Sa mahabang k'wintas na pinagdasalan
ng hirap na kanyang sinapit na buhay,
ay ikasampu na ang yugto ng lumbay…
Natapos ang pista! Wala nang tugtugan!
Naubos ang handa, nabasag ang pinggan!

Labong ng kawayang nagpakatingala,
tunlan ng lumaki't mahutok sa lupa.
Ganyan siya ngayon: may sakit, maputla,
wala ng salapi, kaibigan wala,
may tinik sa puso't sa mata'y may luha.

Sa kanyang gunita'y nabalik ngayon
ang masayang araw ng kanyang kahapon.
nang siya'y mapilak, siya'y Panginoon,
Dangal ng lipunan, Hiyas ng Panahon,
Irog ng dalaga,Tagumpay ng layon….

Mataas na uri ng kanyang kilatis,
Sapagkat makislap pati kanyang damit.
Ang mundo nga naman, daig pa ng pikit!…
Walang tinitignan kundi kaliskis.
- Magara?…Tao ka, kahit walang bait!

Sa kislap ng kanyang mga ginto't pilak
Ay humahabul-habol pati alitaptap.
Nasilaw ang tala sa kanyang liwanag,
Ngunit nang maglaho ang dating anag-ag,
Isa mang bitui'y hindi na sumikat!

Sa bula ng alak ay kanyang nilunod
Ang hirap at sakit nitong sansinukob.
Kanyang pinasaya ang nangalulungkot,
ngunit nang magmaliw ang pistang natapos,
nagtawa sa kanya ang nagsipanood!

Sa palad ng kamay, kanyang pinakain
Ang mga katotong tapat kung magturing.
Kay daming nabusog sa kanyang paggiliw,
nguni't ng masaid ang lahat nang hain,
katoto'y nawala! –Ang aso?… -Naro'n din!

Sa kanyang kandungan ang maraming ganda'y
Humanap ng langit at madlang ligaya.
Ngunit nang sawaan siya't mapag-isa,
sa lahat nang yaon ay walang natira
kundi ang pabango ng pagkakasala…!

**IV**

Sa loob ng isang luma nang simbahan
Ang anak na sawi'y lumuhod sa altar.
Sa ngalan ng Birhen Ina ng Maykapal,
Yaong "Pagsisisi" ay kanyang dinasal.
Pagkatapos, nagk'rus at doo'y lumisan.

Sa pinagkrusan ng maraming landas,
Tagpuan ng mga naligaw na Palad,
Kanyang tinunton ang sariling bakas.
Nagpagpag  pang minsan ng gabok at layak,
Nagbuntunghininga, at muling lumakad.

Sa gilid ng daan, ang nagtayong kahoy,
Naluhod manding bantay ng Panahon,
Ay masusukatan ang layo sa nayon.
Mga ilang liko at sanlipad-ibon,
Matatanaw na rin ang kanilang bubong.

Ngunit gumabi na…At saka may dilim
Na sa gawing laot ay nagpapalagim.

Makasandali pa’y umunos ang hangin,
Bumugso ang ulan, at ang panganori’y
Binati ng kidlat na lubhang matalim.

Sa tanglaw ng kidlat, kanyang naliliklik
Pati ang talunton ng mahabang batis.
Ang batis na yao’ykanyang nababatid,
Dating salaminan ng bughaw na langit,
Hanggan ng lupang kanyang iniibig.

Ang ilaw sa parol ay napansin niyang
Malamlam ang sinag, malungkot, ulila…
Sa balko’y ni walang aninong makita,
At ang kanyang dibdib ay lalong kumaba.
Buhay kaya , Diyos, ang mahal kong Ina?…

Lagpak ang katawang sumapit sa balkon
Na tinatanglawan ng ilaw sa parol,
Tumahol ang aso, at ang taong yao’y
Sinasal ng ubo, pagkuwa’y kinandong
Niyon kanyang Inang laon nang naroon.

Sa bisig ng Ina, anak ay nagbalik,
Katulad ng isang nalayong pag-ibig.
Sa bisig na yaon, ang wasak na dibdib,
Para lang humanap ng sandaling langit,
Humimlay nang upang ganap na umidlip.

Mainit na bangkay at maputlang mukha,
Hinahagkan-hagkan ng Inang may luha.
Yaon ang pag-ibig na lubhang dakila,
Pag-ibig ng ina na Ina ng Awa,
Pag-ibig ng pusong Puso ni Bathala!

Ang palad ng tao’y umasa’t maghintay,
Saka kung dumating ang palad na iyan,
Ang huling pag-asa’y agad namamatay!…
At gaya ng parol sa dating tahanan
Kung ilan nang gabing namatay ang ilaw!

Tama ba ako ng sabihin kong mas lalo mong maiibigan at lalong maaantig ang iyong damdamin? Ano ang nadama mo para sa ina? Ano ang naramdaman sa ginawa ng anak sa ina? Nahabag ka ba sa ina? Naantig ba ang iyong damdamin?

Inunawa mo bang mabuti ang tula? Kailangan mo ito sa mga susunod na gawain.

**3. Linangin mo…**

**D. Pagsusuring panlinggwistika**

| |
|---|
| Isang paraan ng pagpapayaman ng talasalitaan ay ang klipings ito ay pagkakabit ng mga salita sa mga titik na bumubuo sa salitang pinahahalagahan. |

Panuto: Piliin at isulat ang tamang salita sa mga titik na nakasulat ng pababa.
Nasa loob ng kahon ang mga salitang pagpipilian.

| |
|---|
| **D** |
| **A** |
| **K** |
| **I** |
| **L** |
| **A** |

| | |
|---|---|
| Ina | Mapagmahal |
| Kumakalinga | Gabay |
| Tanglaw | Dalisay |

Nahirapan ka ba? Huwag kang mag-alala. Kung may panahon ka pa, balikan mong muli ang gawaing ito upang rebyuhin ang iyong mga kasagutan.

Alam mo bang ang batang pinalaki sa layaw ay kadalasang hindi nagtatagumpay sa buhay. Hindi lamang sapat na materyal ang kailangan kundi ang gabay at pagmamahal upang siya ay lumaking may wastong pag-uugali.

Upang maging kawili-wili ang akda, ang makata ay naglalahad ng mga kaisipang nakaaantig ng damdamin upang maging makatotohanan ito. Lalong magiging maganda at kawili-wili ang tula kung ito ay may mga matatalinghagang salita, tayutay, sukat at tugma.

Isang uri ng anak at ina ang makikilala mo sa tulang "Ilaw sa Parol". Bigyan-pansin ang mga salita at taludtod sa tula. Hanapin mo ang sangkap na tinutukoy sa taas. Tandaan mo ang mga ito.

E. **Pagsusuring pangnilalaman**

Panuto: Piliin at isulat ang tamang titik ng kaisipang tumutukoy sa bawat saknong. Nasa loob ng kahon ang mga pagpipilian.

1. May pitong taon na ang nakalilipas
   Nang umalis ang bugtong na anak.
   Lumaki sa layaw, nagmana ng pilak
   At nang magbinatang busog sa pangarap
   Nilisan ang ina't ang mundo'y nilipad!

2. Parang nabilanggo sa pulo ng lagim
   Tumakas lang upang humanap ng aliw
   Puso palibhasa'y uhaw sa paggiliw
   Sa alak ng buhay ay nagpakalasing
   Nangarap sa kislap ng mga bituin

3. Kaya buhat noon, ang Ina'y may hapis
   Sa buntonghininga'y sugatan ang dibdib
   Inang palibhasa'y Ina ng pag-ibig
   Nasa kanyang puso ang bunsong nawaglit
   Hinihintay na muling magbalik

4. Sa loob ng isang luma nang simbahan
   Ang anak na sawi'y lumuhod sa altar
   Sa ngalan ng Birhen Ina ng Maykapal
   Yaong "Pagsisisi" ang kanyang dinasal
   Pagkatapos, nagkrus at doo'y lumisan

5. Mainit na bangkay at maputlang mukha
   Hinahagkan-hagkan ng Inang may luha
   Yaon ay pag-ibig na lubhang dakila
   Pag-ibig ng ina na Ina ng Awa

Mga Pagpipilian

a. Kahit na iniiwan siya ng kanyang anak ng mahabang taon ay naroroon pa rin ang pagmamahal nito sa kanyang anak.

b. Natagpuan ng anak ang kanyang sarili sa lumang simbahan at siya ay nagsisisi sa kanyang nagawang pagkakamali.

c. Nagawang umalis ng anak sa kanilang tahanan ng magkaroon siya ng maraming kayamanan, at dahil sa kayamanang ito ay nagawa niyang iwanang nag-iisa ang kanyang ina at siya ay nagpakalayu-layo.

d. Sa pag-alis ng kanyang anak ay hindi siya nawalan ng pag-asa at inaasam-asam pa rin nito ang muling pagbabalik ng mahal na anak.

e. Sa kanyang pagliliwaliw, ang anak ay parang ibong nakawala sa hawla kaya lahat ng luho ay kanyang ginawa, at sa alak siya'y nagpakalasing.

Naisagawa mo ba ang gawain? Tiyak, sapagkat nakilala mo na ang anak at ina sa tula.

Sa unang aralin, nalaman mo kung paano nakilala ang teoryang imahismo. Hindi ba't nakatulong ito sa iyo upang lubusan mong mapahalagahan ang iyong akdang binasa?

Aalamin mo naman ngayon ang tungkol sa teoryang humanismo. Mahirap ba? Simple lang ang aking gagawing pagpapaliwanag upang madali mong maunawaan.

Madali mo lamang makilala ang teoryang humanismo. Ito ay nagpapahalaga sa katotohanan ng tula (poetic truth). Ang pangunahing paksa dito ay ang tao at ang kanyang saloobin at damdamin.

Naliwanagan ka na ba? Makatutulong ang iyong nabasa sa pagsagot sa iyong gawain. Handa ka na ba sa susunod na gawain? Maaari ka nang magsimula. Good luck!

**F. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Hanapin sa tula ang taludtod. Isulat ang iyong sagot sa kahon sa ibaba.

| Taludtod ng tula na nagpapakita ng saloobin at damdamin ng tao |
|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

Kung ang sagot mo'y 'di nalalayo sa diwa ng mga kasagutan sa Susi sa Pagwawasto ito ay bibigyang-konsiderasyon. Ang mahalaga ay nauunawaan mo ang akda at naisagawa mo ang mga gawain.

4. **Palalimin mo…**

Panuto: Hanapin sa loob ng kahon sa ibaba ang mga kaisipang tinutukoy sa bawat taludtod ng tula.

_________1. Sa palad ng kamay, kanyang pinakain
Ang katotong tapat kung magturing

_________2. Inang palibhasa'y ina ng pag-ibig
Nasa kanyang puso ang bunsong nawaglit
Hinihintay-hintay na muling magbalik

_________3. Sa nasang makamtan ang sangmundong tuwa'y
Halos hindi itinuntong ang paa sa lupa.

_________4. Sa bula ng alak ay kanyang nilunod
Ang hirap at sakit nitong sansinukob.

_________5. Ang 'di na nagsawang sa habang panaho'y
Laging nag-iilaw sa ulilang balkon.

| |
|---|
| a. Matiyaga<br>b. Mahina ang loob<br>c. Mayabang<br>d. Mabuting kaibigan<br>e. Mapagmahal |

Iwasto mong muli ang iyong mga kasagutan. (Kayang-kaya ba?) Hindi na baleng may mali ka ang mahalaga ay natuto ka ‘di ba?

5. **Gamitin mo…**

Panuto: Isulat ang M kung makatwiran at DM kung ‘di makatwiran ang pahayag.

1. Hindi dapat palakihin sa layaw ang anak.
2. Ang pagmamahal sa ina ay dapat isaisip at isapuso ng isang anak
3. Dapat nating alagaan ang ating mga magulang kung sila’y matanda na.
4. Obligasyon ng magulang na alagaan ang kanilang mga anak.
5. Marapat lamang na iwanan na ang magulang kapag tayo ay nasa hustong gulang na.

Kayang-kaya ba ang natapos na gawain? Mahalaga talaga na inuunawa mo ang aralin upang masagutan ang mga gawain. Tingnan mo kung ilan ang nakuha mong tamang sagot. Iwasto mo muli ang mga ito.

Masusubukan naman ngayon ang

6**. Sulatin mo…**

Panuto: Tapusin ang mga sumusunod na pahayag upang makabuo ng isang kaisipan.

1. Nalaman kong_______________________________________________

2. Napag-isip-isip kong_________________________________________

3. Sisikapin kong______________________________________________

4. – 5. Nangangako akong________________________________________

Nasiyahan ka ba sa ating gawain? Maaaring magsanay ka pa sa pagbuo ng mga kaisipan. Ngayon, iwasto mo muli ang iyong kasagutan.

7. **Lagumin mo…**

Panuto: Isulat sa patlang ang sagot batay sa hinihinging impormasyon.

Bilang ng pantig sa bawat taludtod

Magkasingtunog na mga salita sa hulihan ng taludtod.
– 4. Dalawang salik o sangkap ng tula na nagpapaganda rito.
5. Ang pangunahing paksa ay ang tao at ang kanyang saloobin at damdamin.

Hingin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

8**. Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang pangungusap.
Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang anak sa tula ay umalis at iniwan ang ina upang

    a. maghahanap ng trabaho
    b. mag-asawa
    c. magpakasarap sa buhay
    d. namatay

2. Mula nang umalis ang anak sa kanilang tahanan, ang ina ay naghihintay pa rin sa pagbabalik nito. Ito ay nagpapatunay na

    a. mapagmahal ang ina
    b. hindi nawawalan ng pag-asa ang ina
    c. sarili lamang ang iniisip
    d. walang pakialam

3. Ang anak sa tula ay nagpakalayaw sa buhay at nakalimutan ang ina mula ng ito'y lumisan sa kanilang tahanan

    a. siya ay palalo at mayabang
    b. walang pagmamahal sa ina
    c. sarili lamang ang iniisip
    d. walang pakialam

4. Sa lalong malawak na dagat ng buhay ay pinapamangka ang murang isipan sinundan ang agos ng buhay.

    a. walang sariling paninindigan
    b. walang sariling bait
    c. may paninindigan
    d. sunud-sunuran sa lahat

5. Puso palibhasa'y uhaw sa paggiliw sa alak ng buhay ay nagpakalasing nangarap sa kislap ng mga bituin.
    a. ang anak ay padalus-dalos
    b. ang anak ay suwail
    c. siya ay marupok
    d. ang anak ay walang desisyong pansarili

6. Nang maubos ang lahat ng kayamanan ng anak na umalis ay nawala rin ang kanyang mga kaibigan

    a. pera lamang ang habol ng kanyang mga kaibigan
    b. hindi tapat na kaibigan
    c. hindi sila tunay na kaibigan
    d. mapagsamantala

7. Bumalik ang anak sa kanilang tahanan, nakita niya na ang ilaw sa parol ay malamlam ang sinag at malungkot. Ibig sabihi'y

    a. mahina na ang ina at hindi na kayang ilawan ito
    b. wala nang tao sa kanila
    c. pinabayaan na ito
    d. malungkot ang buhay

8. Sa kabila ng ginawa ng anak ang ina ay buong-puso pa ring tinanggap ang anak

    a. ang ina ay ina
    b. hindi kayang tiisin ng ina ang anak
    c. ang ina ay mapagmahal
    d. mapagpatawad ang ina

9. – 10. Angkop sa tulang ito ang mga salawikaing

    a. Matitiis ng anak ang ina ngunit ang ina ay 'di kayang tiisin ang anak
    b. Ang hindi lumingon sa pinanggalingan ay 'di makararating sa paroroonan
    c. Anak na 'di paluhain, ina ang patatangisin
    d. Nasa huli ang pagsisisi

Itsek mo muli ang iyong mga sagot. Ano ang nakuha mong iskor? Kung ito'y kung ito'y 7 pataas, tumungo ka na sa "Gaano ka kahusay" Kung 6 pababa ang nakuhang tamang sagot, gawin mo ang gawain sa "Paunlarin mo"

9. **Paunlarin mo…**

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang karugtong ng pahayag upang makabuo ka ng kaisipang hango sa tula. Isulat mo sa papel.

1. Ang batang laki  sa layaw

2. Anak na paluhain

3. Matitiis ng anak ang ina

a. ina ang patatangisin
b. ngunit ang ina ay ‘di kayang tiisin ang anak
c. karaniwa’y hubad

## *Gaano ka kahusay?*

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ang kamay na laging nagsisindi ng ilaw sa parol ay kulubot at ___? Ito’y nangagahulugan

   a. payat na payat c. matanda na
   b. masigla at sariwa d. bata pa

2. Sugatan ang dibdib na laging naghihintay ang ina sa lumisang anak

   a. malungkot c. naghihinagpis
   b. masaya d. maligaya

3. Ang nawalang anak ay nahumaling sa bango at ganda, at nagpakabusog sa pangarap

   a. nagpasasa sa layaw c. naghanapbuhay
   b. nagsikap sa buhay d. nagpakahirap sa buhay

4. Ang ina sa tula ay nagbibilin sa kanyang anak ng mga manang kanyang maiiwan.

   a. ang ina ay nagmamahal sa anak
   b. ang ina ay mabait
   c. Ang ina ay mapagbigay
   d. Ang ina ay masipag

5. Ang kagandahan ng tula ay makikita kung ito ay

   a. may mga tayutay at matatalinghaga
   b. madamdamin
   c. maganda ang pagkakasulat
   d. walang tayutay

6. Sa tulang “Ang Pamana” balewala sa anak ang yaman, ang nais niya ay ang kanyang ina.

    a. Mahal na mahal ng anak ang ina
    b. Kulang pa ang iniwan ng ina
    c. Ayaw niya ng mana
    d. Gusto niyang sumama sa ina

7. Nang maubos ang kayamanan ng anak na lumisan, saka lamang niya naalala ang kanyang maling ginawa. Siya ay

    a. nagising
    b. nagsisisi
    c. nauntog
    d. nagkasakit

8. Naipakita sa tula ang pagsisisi ng anak sa kanyang nagawang pagkakamali nang siya ay

    a. naubusan ng yaman
    b. iniwan ng kanyang mga kaibigan
    c. pumasok sa simbahan at nagdasal
    d. nakulong

9. Kahit na anong pagkakamali ang nagagawa natin sa ating mga ina ay nariyan pa rin sila upang tayo ay patawarin. Kung gayon sila ay

    a. mapagpatawad
    b. mapagmahal
    c. kaibigan natin
    d. kakampi natin

10. Dapat nating mahalin ang ating mga ina sapagkat

    a. pinagkakautangan natin ng buhay
    b. nagmamahal sa atin ng lubos
    c. nag-aruga at gumabay sa atin
    d. lahat ng nabanggit

Modyul 19
Susi sa Pagwawasto

Aralin I

1. ANO BA ANG ALAM MO?

| | |
|---|---|
| 1. B | 6. B |
| 2. B | 7. B |
| 3. A | 8. A |
| 4. B | 9. D |
| 5. A | 10. C |

2. GAWAIN SA PAGKATUTO

I. Alamin mo…

| Positibo | (Negatibo) | Negatibo |
|---|---|---|
| | kawili – wili | pabaya |
| 1. pagtitiis | mapag – aruga | namamalo |
| 2. dakila | mapagmahal | |
| 3. kaibigan | mapagkalinga | |

3. LINANGIN MO…

A. Pagsusuring Panglinggwistika

1. nakita
2. nalulungkot
3. alaala
4. minamahal
5. santinakpan

B. Pagsusuring Pangnilalaman

1. a
2. d
3. e
4. a
5. b

C. Pagsusuring Pampanitikan

1. I
2. I
3. I
4. HI
5. I

4. Palalimin mo…

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. ✓

5. Gamitin Mo…

Pamana

1. Ang pagmamahal ng isang ina ay hindi mapapantayan
2. Ang ina ang siyang tunay na mapag-aruga at mapag-mahal

6. Sulatin Mo…

1. 3
2. 1
3. 5
4. 4
5. 2

7. Lagumin Mo…

| | |
|---|---|
| 1. ✓ | 6. ✓ |
| 2. | 7. ✓ |
| 3. ✓ | 8. ✓ |
| 4. ✓ | 9. ✓ |
| 5. | 10. ✓ |

8. Subukin Mo…

| | |
|---|---|
| 1. c | 6. a |
| 2. c | 7. a |
| 3. a | 8. a |
| 4. d | 9. b |
| 5. a | 10. b |

9. Paunlarin Mo…

Ang ina ang nagsilang sa atin kaya’t dapat siyang mahalin at dakilain.

Aralin 2

1. Alamin mo…

| | | |
|---|---|---|
| Pag-ibig | Liwanag | Pagpapakasakit |
| Pag-aruga | Araw | Paghihirap |
| Pagmamahal | Gabay | Suliranin |
| Pagkalinga | | Sakripisyo |

2. Linangin Mo…

A. Pagsusuring Panglingwistika

Dalisay
Gabay
Kumakalinga
Ina
Tanglaw
Mapagmahal

B. Pagusuring Pangnilalaman

1. c
2. e
3. d
4. b
5. a

C. Pagususring Pampanitikan

1. Lumaki sa layaw, nagmamana ng pilak
2. Puso palibhasa'y uhaw sa paggiliw
3. Sa buntunghininga'y sugatan ang dibdib
4. Yaong "Pagsisi ang kanyang dinasal
5. Pag-ibig ng ina na Ina ng Awa

3. Palalimin Mo…

1. d
2. e
3. c
4. b
5. a

4. Gamitin Mo…

1. M
2. M
3. M
4. M
5. DM

5. Sulatin Mo…

1. Nalaman kong dapat nating pakamahalin ang ating magulang.
2. Napag-isip-isip kong mahalin at suklian ko ng pagmamahal ang mga ginawang sakripisyo sa akin ng aking magulang.
3. Sisikapin kong maipadama at maipakita ang pagmamahal ko sa aking magulang habang sila ay nabubuhay pa.
4 –5. Nangangako akong magiging isang mabait at mapagmahal na anak sa aking mga magulang.

6. Lagumin Mo…
1. Lalabindalawahing pantig (12)
2. Tugma
3 –4. Tayutay
5. Humanismo

7. Subukin Mo…

| | |
|---|---|
| 1. c | 6. a |
| 2. d | 7. d |
| 3. d | 8. b |
| 4. d | 9. a |
| 5. d | 10. d |

9. Paunlarin Mo…
1. c
2. a
3. b

IV. Gaano ka na kahusay?

| | |
|---|---|
| 1. c | 6. a |
| 2. c | 7. b |
| 3. a | 8. c |
| 4. a | 9. b |
| 5. a | 10. d |